

County ng Fresno



PINAL

Plano sa Pangangasiwa ng Halalan
Setyembre, 2019

Isinumite ni:
Brandi Orth, Klerk/Tagapagrehistro ng Botante ng County
ng Fresno County

PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN

Talaan ng mga Nilalaman

- I. Introduksiyon at Buod ng Plano
- II. Plano sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante
 - A. Paggamit ng Media
 - B. Mga Workshop para sa Edukasyon ng Botante
 - C. Pangkalahatang Presensiya sa Komunidad
 - D. Tuwirang Pakikipag-ugnayan sa mga Botante
 - E. Badyet sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan
 - F. Mga Komunidad na Kabilang sa Minorya ang Wika
 - G. Komunidad na Kaugnay ng Kapansanan
- III. Modelong Sentro ng Pagboto
 - A. Mga Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo
 - B. Mga Sentro ng Pagboto
 - C. Mga Kahong Hulugan ng Balota
 - D. Walang Bayad na Paggamit ng Telepono
 - E. Paggamit ng mga Botanteng May mga Kapansanan
 - F. Plano sa Seguridad/Maaaring Mangyari
 - G. Mga Matitipid sa Gastos
- IV. Mga Kalakip

Kalakip A – Seksyon 4005(a) at kasunod ng Kodigo sa Halalan/Pagtukoy sa Plano

Kalakip B – Mga Istasyon ng Telebisyon at Radyo

Kalakip C – Nakalimbag at Elektronikong Media

Kalakip D – Mga Organisasyon ng Komunidad, mga Lungsod, at mga Espesyal na Distrito

Kalakip E – Impormasyon sa Social Media, Mga Address at Channel

Kalakip F – Mga Pulong/Ginaganap na Pangkomunidad

Kalakip G – Mga Diagram ng Balangkas ng Sentro ng Pagboto

Kalakip H – Mga Lokasyon ng Sentro ng Pagboto, Mga Oras at Mapa ng Pagpapatakbo

Kalakip I – Mga Miyembro ng Lupon na May mga Numero/Wikang Sinasalita

Kalakip J – Mga Lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota

Kalakip K – Mga Akronimong Ginagamit sa Plano

I. Introduksiyon

Ang County ng Fresno ay itinatag noong 1856 at sa mga naunang taon, may 4,605 residente ng County at ang mga halalan ay isinasagawa sa pamamagitan ng manwal na binibilang na mga papel na balota. Ang County ay nagsimulang gumamit ng isang sistema ng binubutasang kard noong 1967. Ang pagpaparehistro ng botante ay tumaas sa 200,000 noong 1972 at 300,000 noong 1992. Habang ang bilang ng mga nakarehistrong botante ay tumaas at ang ibang mga uri ng mga sistema ng pagboto ay magagamit na, nagpasimula ang County ng isang sistema ng pagboto sa pamamagitan ng pag-scan ng papel na may mga tagabasa sa presinto noong 1999. Bago lumampas ang 2012, ang pagpaparehistro ng botante ay tumaas sa 400,000. Pagsapit ng Pebrero 10, 2019, ang mga nakarehistrong botante ay 461,008.

Ang mga botante ay pinahintulutang gumawa ng pagboto sa pamamagitan ng koreo (VBM) simula noong 1962 kung matutugunan nila ang mga partikular na pamantayan. Noong 2002, ang Estado ay nagpatibay ng “walang pagpapaumanhin na pagboto sa pamamagitan ng koreo” upang ang sinumang botante ay makapiling bumoto sa pamamagitan ng koreo at maging permanenteng botante ng VBM. Sa County ng Fresno, 20% ng mga balotang ipinatala ay VBM noong 1990, at ang numerong iyon ay patuloy na tumaas hanggang sa 65% sa halalan ng Nobyembre 2018. Ang isang espesyal na halalan na ginanap noong unang bahagi ng 2019 ay nagpakita na 86% ng mga balotang ipinatala ay mga balota ng VBM. Ang mga binotohang balotang pangkoreo ay dapat ipasok sa isang sobre ng VBM at pirmahan ng botante. Ang mga pirma sa bawat sobre ng balota ng VBM ay ikinukumpara sa pirma sa pagpaparehistro ng botante at dapat magtugma bago ibilang.

Noong 2016, nilikha ng Panukalang-batas 450 ng Senado ang Batas para sa Kagustuhan ng Botante (VCA). Noong 2018, limang county ang lumipat sa VCA (Madera, Napa, Nevada, Sacramento at San Mateo.) Ang modelong VCA ay nagtatadhana na ang bawat botante ay tatanggap ng isang balota ng VBM at papalitan ng mga sentro ng pagboto ang mga tradisyunal na lokasyon ng botohan. Sa ilalim ng modelong presinto, noong Nobyembre 2018, ang County ng Fresno ay may 268 lugar ng botohan na bukas para sa isang araw. Sa ilalim ng VCA, ang County ng Fresno ay magkakaroon ng pinakamababang 50 sentro ng pagboto na ang 10 ay bukas para sa 11 araw at ang 40 ay bukas para sa apat na araw kabilang ang mga araw ng Sabado at Linggo, mga piyesta opisyal at Araw ng Halalan. Ang karagdagang 33 protektadong kahong hulugan ng balota ay idaragdag sa ilalim ng modelong VCA na bubuksan para sa 29 araw kabilang ang Araw ng Halalan. Ang mga botante ng County ng Fresno ay makakapiling bumoto sa alinmang 50 sentro ng pagboto at ang isang mas mataas na antas ng serbisyo ay ipagkakaloob, kabilang ang mahihinging balota at pagpaparehistro ng botante. Pinakamababang 83 lokasyon (50 sentro ng pagboto at 33 kahong hulugan ng balota) ang makukuha para sa paghuhulog ng mga balotang pangkoreo. Ang mga botante ay maaari ring magpakoreo ng kanilang bayad na ang selyo na mga balota ng VBM.

Noong Agosto 2018, ang County ng Fresno ay nag-isyu ng isang Kahilingan para sa isang Mungkahi para sa isang bagong sistema ng halalan. Ang kasalukuyang sistema ay kailangang palitan dahil sa edad nito at dahil mahirap humanap ng mga pamalit na bahagi. Ang sistema ay nakatakda nang alisan noon ng sertipikasyon ng Estado bago ang halalan ng Marso 2020. Ang County ay nagsagawa ng limang pulong na pangkomunidad upang subukan kung dapat o hindi na lumipat ang County ng Fresno sa modelong VCA, na makakaapekto sa pagbili ng kagamitan. Batay sa mga pulong na pangkomunidad, ang mga komunikasyon sa limang county na lumipat sa modelong VCA, ang opisina ng Kalihim ng Estado, at ibang mga county na nagsasaalang-alang ng paglipat, si Klerk/Tagapagrehistro ng mga Botante ng County Brandi Orth ay nagrekomenda sa Lupon ng mga Superbisor na lumipat ang County ng Fresno sa modelong VCA. Ang Lupon ng mga Superbisor ay bumoto noong Marso 12, 2019, upang gawin ang paglipat na iyon simula sa Marso 2020 na Pampresidenteng Primaryang Halalan. Ang ibang mga County ng California na gumawa ng paglipat para sa halalan ng Marso 2020 ay: Amador, Butte, El Dorado, Fresno, Los Angeles, Mariposa, Orange, Santa Clara at Tuolumne.

Ang modelong VCA ay nagkakaloob sa lahat ng botante ng mga karagdagang pagkakataon upang ipatala ang kanilang mga balota. Ang mga botante ay maaaring pumiling bumoto sa alinman sa mga Sentro ng Pagboto na nagkakaloob sa bawat botante ng pinakamababang 93 oras sa 11-araw na panahon ng pagkakataong bumoto sa mga Sentro ng Pagboto kumpara sa 13 oras (isang araw) sa ilalim ng modelong lugar ng pagboto. Sa mga pinalawak na oras ay kabilang ang mga araw ng Sabado at Linggo at mga piyesta opisyal. Bilang karagdagan, ang mga serbisyong pagpaparehistro ng botante ay ipagkakaloob sa lahat ng Sentro ng Pagboto at hindi sa isang lokasyon lamang (Opisina sa mga Halalan) sa ilalim ng modelong lugar ng botohan.

Ang mga Halalan ng County ng Fresno ay dating nagtatag ng VAAC (Nagpapayong Komite sa Paggamit ng Botante) at sa LAAC (Nagpapayong Komite sa Paggamit ng Wika). Bagaman ang mga komiteng ito ay nagpupulong na bago ang pagpapatibay ng Batas para sa Kagustuhan ng Botante at ang mga indibidwal na kinatawan ng mga dalawang komiteng ito ay dumalo sa limang pulong na pangkomunidad ang LAAC at ang VAAC ay nagpulong sa unang pagkakataon upang talakayin ang VCA noong Marso 2019. Bilang karagdagan, ang isang bagong Nagpapayong Komite sa Batas para sa Kagustuhan ng Botante (VCAAC) na may representasyon mula sa VAAC at sa LAAC ay nagsimulang magpulong noong Marso 2019.

Ang mga komento mula sa mga pulong na pangkomunidad, sa VAAC, sa LAAC, at sa VAAC ay isinaalang-alang at ginamit upang buuin itong Plano sa Pangangasiwa ng mga Halalan (EAP), na magdedetalye kung paano ipatutupad ng County ng Fresno ang VCA, kabilang ang Plano sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante alinsunod sa Seksyon 4005(a) at kasunod ng Kodigo sa Halalan ng California. Tingnan ang Kalakip A para sa pagtukoy sa mga seksyon ng kodigo at mga iniaatas ng plano.

BUOD NG PLANO: Ang County ng Fresno ay magtatrabahong kasama ng tatlong komiteng binubuo ng mga miyembro ng komunidad (Nagpapayong Komite sa Batas para sa Kagustuhan ng mga Botante, Nagpapayong Komite sa Paggamit ng Wika at Nagpapayong Komite sa Paggamit ng Botante) at ibang mga kinatawan ng komunidad habang lumilipat tayo sa Batas para sa Kagustuhan ng mga Botante. Ang mga pagsisikap para sa edukasyon at pakikipag-ugnayan ay gagamit ng iba't ibang media kabilang ang nakalimbag, social media, radyo at telebisyon. Ang County ay magsasagawa ng mga workshop para sa edukasyon ng botante upang isama ang mga botanteng may mga kapansanan at hindi nagsasalita ng Ingles. Ang mga presentasyon at impormasyon ay ihahanda sa iba't ibang ginaganap sa komunidad. Ang bawat botante ay tatanggap ng dalawang pagpapakoreo na nagpapaliwanag na ang lahat ng botante ay tatanggap ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at ng kanilang mga mapipili para sa pagboto at mga makukuhang serbisyo. Lahat ng komunikasyon ay isasalin sa Kastila gaya ng iniaatas ng pederal na Batas ng 1965 para sa mga Karapatan sa Pagboto. Bilang karagdagan, ang pagmensahe at impormasyon sa botante ay isasalin sa mga wikang iniaatas ng Kodigo sa mga Halalan ng California na kabilang ang: Punjabi, Hmong, Tsino, Koreano, Khmer, Biyetnamis, at Tagalog. Ang isang kit ng kasangkapan para sa VCA ay makukuha ng mga organisasyon na makakagamit ng mga materyal upang bigyan ng kaalaman ang kanilang mga komunidad. Sa pamamagitan ng komento mula sa tatlong komite at iniaatas na mga isinasaalang-alang, ang County ay tutukoy sa mga lokasyon para sa 50 sentro ng pagboto at 33 lokasyon ng kahong hulugan ng balota upang gamitin sa halalan ng Marso 2020. Bawat sentro ng pagboto ay madaling mapupuntahan at magkakaloob ng mataas na antas ng serbisyo kabilang ang mahihinging balota upang ang mga botante ng County ng Fresno ay makaboto sa alinmang sentro ng pagboto. Sampu sa mga sentro ng pagboto ay magbubukas para sa 11 araw at mananatiling bukas para sa 4 na araw, kabilang ang mga araw ng Sabado at Linggo, piyesta opisyal at araw ng halalan. Ang mga kahong hulugan ng balota ay magbubukas para sa 29 na araw bago ang halalan.

II. PLANO PARA SA EDUKASYON AT PAKIKIPAG-UGNAYAN SA BOTANTE

Ang County ng Fresno ay isang county na binubuo ng iba't ibang tao na may 15 lungsod, maraming komunidad na hindi kasama sa korporasyon, at mga rural na lugar. Ang edukasyon at pakikipag-ugnayan sa botante ay ipagkakaloob gamit ang iba't ibang paraan upang itaas ang paglahok ng botante at tiyakin na ang mga botante at mga posibleng botante ay tatanggap ng maraming komunikasyon sa magkakaibang anyo sa angkop na wika.

Ang County ng Fresno ay hihingi ng tulong sa mga organisasyong pangkomunidad, mga kinatawan ng media at mga eksperto sa komunikasyon upang itaas hanggang maaari ang mga pagsisikap na makipag-ugnayan sa komunidad.

A. Paggamit ng Media, Kabilang ang Social Media, mga Pahayagan, Radyo at Telebisyon

- 1. Mga Pahayag ng Serbisyo sa Publiko:** Ang mga Pahayag ng Serbisyo sa Publiko (mga PSA) ay bubuuin para sa radyo at telebisyon at ipamamahagi sa lahat ng istasyon ng telebisyon at mga istasyon ng radyo sa County. Ang mga PSA ay magtataguyod ng walang-bayad na nakahandang linya ng tulong sa botante habang sa pangkalahatan ay nagbibigay ng kaalaman sa mga botante ng darating na at iba't ibang mapipiling pagboto. Ang mga PSA ay magbibigay ng kaalaman sa mga botante ng kahandaan ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang madaling makuhang anyo at ng proseso ng paghiling ng naturang balota. Ang mga PSA ay bubuuin sa Ingles, Kastila, Punjabi, Hmong, Tsino, Koreano, Khmer, Biyetnamis, at Tagalog, at ipamamahagi sa mga lokal na istasyon at gagamitin sa social media. Ang LAAC, VAAC at VCAAC ay kokonsultahin tungkol sa nilalaman at salin ng mga PSA.

Tingnan ang Kalakip B para sa isang listahan ng mga istasyon ng telebisyon at radyo.

- 2. Mga Nakalimbag na Mensahe:** Ang isang pinakamababang tatlong magkakaibang nakalimbag na mensahe ay bubuuin at ipamamahagi sa lahat ng pahayagan/balitag-liham sa lugar. Ang mga nakalimbag na mensahe ay isasalin sa lahat ng iniaatas na wika. Ang mga nakalimbag na mensahe ay magsasama ng walang bayad na nakahandang linya ng tulong sa botante at magbibigay ng kaalaman sa mga botante ng kahandaan ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang madaling makuhang anyo at ng proseso ng paghiling ng naturang balota. Ang mga nakalimbag na mensahe ay magbibigay ng kaalaman sa mga botante tungkol sa parating na halalan at iba't ibang mapipiling pagboto. Ang mga nakalimbag na mensahe ay unang makukuha sa Setyembre, 2019 at magpapatuloy na may iba't ibang mensahe hanggang sa halalan. Ang VCAAC, LAAC at VAAC ay bibigyan ng pagkakataong suriin ang mga pangkalahatang nakalimbag na mensahe.

Ang mga Nakalimbag na Mensahe ay ididisenyo sa iba't ibang sukat at ihahatid at/o ipadadala sa pamamagitan ng email sa mga pahayagan, organisasyong pangkomunidad, Opisyal ng Pampublikong Impormasyon sa County, Kagawaran ng County, Lungsod, Kompanya ng Utilidad, espesyal na distrito, distrito ng paaralan, kolehiyo at unibersidad, kapisanan sa pagreretiro, at anumang ibang mga organisasyon na may mga kasangkapan sa komunikasyon (papel o elektroniko) kung saan makokopya ang mga mensahe sa isang anyo ng pagpapakita o ipamamahagi bilang isang polyeto. Ang County ay magkakaloob ng mga nakalimbag na mensahe

sa mga organisasyon na sumang-ayong ipamahagi ang mga ito at maghahangad na makipagtulungan sa mga organisasyon na kokopya ng mga mensahe sa kanilang mga nakalimbag na balitang-liham at elektronikong balitang-liham.

Tingnan ang Kalakip C para sa isang listahan ng Nakalimbag at Elektronikong Media.

Tingnan ang Kalakip D para sa isang listahan ng mga organisasyong pangkomunidad, Lungsod, at Espesyal na Distrito.

3. Presensiya sa Social Media at Internet: Ang isang detalyadong plano sa social media ay bubuuin at ididiseno upang himukin ang pagbahagi at pagmultiplika ng epekto ng social media. Ang plano sa social media ay magkakaroon ng mga ispesipikong mensahe tungkol sa walang-bayad na nakahandang linya ng tulong sa botante at balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang madaling makuhang anyo at ng proseso ng paghiling ng naturang balota. Sa pagitan ng Setyembre 2019 at Marso 2020, nakikipagtulungan sa isang kasangguni sa media, ang County ay tutukoy ng mga pangunahing taga-impluwensiya sa social media at ibang mga ikatlong partido na handang tumulong na ikalat ang salita at ibahagi ang impormasyon tungkol sa sistema ng pagboto upang isulong ang pakikipag-ugnayan sa masa sa mga pangunahing madla. Ang isang ispesipikong kalendaryo ng nilalaman ay bubuuin na may mga ispesipikong mensahe sa lahat ng iniaatas na wika bago lumampas ang Nobyembre, 2019.
4. Website: Ang Website ng Klerk ng County ay nasa isang madaling magamit na anyo at makukuha ng publiko. Ang nakalimbag na media ay makikita sa Website upang ito ay mai-download at ibahagi. Lahat ng mga Pahayag ng Serbisyo sa Publiko ay makikita sa Website ng Klerk ng County. Ang County Website ay may isang takdang-panahon ng VCA na isasapanahon gaya ng kailangan. Inaasahan na ang mga ispesipikong ginaganap at materyal na kaugnay ng VCA ay makikita sa Website bago lumampas ang Setyembre 1, 2019 Lahat ng nakasulat na impormasyon sa website ay ilalagay sa madaling magamit na anyo.
5. Kit ng Kasangkapan sa VCA: Ang County ay magkakaloob ng isang kit ng kasangkapan upang isama ang kopya sa social media, mga nakalimbag na anunsiyo, mga link sa isang presentasyon sa PowerPoint, at ibang mga materyal. Depende sa takdang panahon ng pagsalin, inaasahan na ang kit ng kasangkapan at ang mga sesyon ng pagsasanay tungkol sa paggamit ng kit ay makukuha sa huling bahagi ng Oktubre, 2019 Ang Kit ng Kasangkapan ng VCA ay makukuha sa Website ng Klerk ng County sa seksyon ng VCA.

Tingnan ang Kalakip E para sa mga outlet at address ng social media.

B. Mga Workshop para sa Edukasyon ng Botante

1. Worshop sa Komunidad Kaugnay ng Kapansanan: Ang County ay magsasagawa ng isang buong araw na Workshop/Open House na Kaugnay ng Kapansanan na may isang modelong Sentro ng Pagboto at mga presentasyon na magpopokus sa pagtaas ng paggamit at paglahok ng mga botanteng may mga kapansanan. Ang mga presentasyong ito ay itatakda sa buong araw kasunod ng isang pagkakataon para sa “pagsubok” upang maranasan ang maiaalay ng Sentro ng Pagboto sa mga botanteng may mga kapansanan. Ang workshop na ito ay nauunang itataguyod sa komunidad na kaugnay ng kapansanan sa pamamagitan ng VAAC at mga tuwirang imbitasyon sa mga grupo at programa ng pagtataguyod, na hihimuking magtakda ng “field trips” upang dumalo sa ginaganap na Workshop/Open House. Ginagamit ang VAAC, ang County ay magtatrabahong kasama ng mga indibidwal at grupo na kumakatawan sa mga partikular na komunidad na ito upang matiyak na ang workshop ay istrategikong maitatayo at malalagyan ng mga tauhan upang lumikha ng malugod na tumatanggap at mabibisang workshop. Ang mga workshop ay gaganapin sa Enero 2020.

2. Mga Workshop sa Dalawang Wika: Nakikipagtulungan sa LAAC at mga organisasyong pangkomunidad, ang County ay magsasagawa ng mga Workshop para sa Edukasyon ng Botante sa dalawang wika upang higit pang ituro at ipabatid ang mga pagbabagong may kaugnayan sa Batas para sa Kagustuhan ng Botante sa pamamagitan ng kahit isa sa mga sumusunod na wika: Kastila, Punjabi, Hmong, Tsino, Koreano, Khmer, Biyetnamis, at Tagalog. Ang mga ispesipiko-sa-wika na mga interpreter ay nakahandang tumulong sa mga dadalo. Ginagamit ang VAAC, ang County ay magtatrabahong kasama ng mga indibidwal at grupo na kumakatawan sa mga partikular na komunidad na ito upang matiyak na ang workshop ay istrategikong maitatayo at malalagyan ng mga tauhan upang lumikha ng malugod na tumatanggap at mabibisang workshop. Ang mga workshop na ito ay itataguyod sa mga grupo at media na nagtatrabaho nang tuwiran sa bawat ispesipikong grupo. Ang mga workshop na ito ay gaganapin sa Nobyembre at Disyembre, 2019 at Enero, 2020.

C. Pangkalahatang Presensiya ng Komunidad

1. Nagpapayong Komite sa VCA: Ang County ay nagtatag ng Nagpapayong Komite sa Batas para sa Kagustuhan ng mga Botante (VCAAC) na magpupulong nang regular upang suportahan ang mga pagsisikap na turuan ang komunidad. Sa pamamagitan ng pagsisikap na ito, kumakalap kami ng impormasyon tungkol sa mga ispesipikong pagkakataon upang makipag-ugnayan sa pangkalahatang komunidad, gayon din sa ispesipiko-sa-wika na mga grupo at mga miyembro ng komunidad na may mga kapansanan.

(Ang Website ng County ay tinatalakay sa itaas at makukuha ng publiko bilang bahagi ng presensiya ng pangkalahatang komunidad.)

2. Mga Pulong na Pangkomunidad: Ang County ay dadalo sa mga pulong at ginaganap na pangkomunidad upang magkaloob ng pangkalahatang edukasyon at impormasyon tungkol sa VCA sa lahat ng miyembro ng komunidad. Ang kit ng kasangkapan ng VCA ay magsasama ng isang presentasyon na tipong PowerPoint na gagamitin sa mga panggrupong pulong at isang “table” presentation na gagamitin sa mga ginaganap. Ang kit ng kasangkapan ay makukuha sa huling bahagi ng Oktubre, 2019. Ang aming mga presentasyon at nakalimbag na impormasyon ay isasalin sa mga iniaatas na wika. Ang County ay maghahangad na isama sa adyenda para sa iba't ibang regular na itinatakhang mga pulong sa buong komunidad. Ang County ay maghahangad na dumalo sa mga pulong na pangkomunidad na naglilingkod sa mga komunidad na may dalawang wika at mga taong may mga kapansanan.

Tingnan ang Kalakip F para sa di-buong listahan ng mga pulong at ginaganap na pangkomunidad.

D. Tuwirang Pakikipag-ugnayan sa mga Botante

1. Mga Pagpapakoreo sa Botante: Bilang karagdagan sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County (CVIG) at sa paghahatid ng mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, ang County ay magpapadala ng pinakamababang dalawang pagpapakoreo sa bawat botante para sa layunin ng pagbibigay-alam sa mga botante ng darating na halalan at pagtataguyod ng walang-bayad na nakahandang linya ng tulong sa botante. Ang mga pagpapakoreo ay pansamantalang nakatakda (batay sa mga inirekomendang petsa ng Kalihim ng Estado) sa unang linggo ng Disyembre 2019 at sa unang linggo ng Enero 2020.

2. Postcard para sa Madaling Magamit na Balota: Lahat ng nakarehistrong botante ay tatanggap ng isang bayad na ang selyo na postcard na nagtataglay ng kanilang Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County (CVIG) na may mga tagubilin upang humiling ng mga materyal sa mga wikang hindi Ingles at/o humiling ng isang balota ng VBM sa isang madaling magamit na anyo. Ang mga tagubilin tungkol sa kung paano makakagamit ng Magagawa sa Malayo ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM) ay isasama sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County.
3. Mga Botanteng Kabilang sa Minorya ang Wika: Tutukuyin ng County ang mga botanteng kabilang sa minorya ang wika sa pamamagitan ng pagpili ng gustong wika sa form ng pagpaparehistro ng botante, tuwirang pakikipag-ugnayan sa mga botante bilang resulta ng aming kampanya sa media at magtatrabaho sa komunidad at sa ibinalik na bayad na ang selyo na mga postcard mula sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County.
4. Walang-Bayad na Serbisyong Pangwika sa Telepono: Ang Walang-Bayad na Paggamit ng Telepono ay iniaalay para sa suporta sa lahat ng oras ng trabaho. Ang mga tauhan ay nakahandang tumulong sa mga tumatawag sa pederal na iniaatas na wika (Kastila) at ilan sa ibang mga iniaatas na wika. Ang County ay magkaloob ng serbisyong pangwika sa buwan bago ang Araw ng Halalan upang magkaloob ng tulong sa mga botante sa ibang mga iniaatas na wika ng Seksyon 14201 ng Kodigo sa mga Halalan ng California.

Walang-Bayad na Nakahandang Linya (800) 742-1011
California Relay Service (May Kapansanan sa Pagsasalita at Pandinig) 711

E. Badyet sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan

1. Badyet: Ang Badyet sa mga Halalan ng 2019/20 (para sa mga halalan bago ang Hulyo 1, 2020) para sa sa edukasyon at pakikipag-ugnayan ay \$50,000, ang karamihan ng badyet na ito ay para sa isang kasangguni sa media at mga gastos sa produksiyon. Hindi kabilang dito ang mga tagatulong na makukuha ng Kagawaran nang may maliit o walang gastos, tulad ng oras sa media ng serbisyo sa publiko at ang pagkopya ng mga materyal na nililikha ng County and ipinamamahagi ng mga organisasyong pangkomunidad. Ang Kagawaran ay hindi gumawa noon ng pagbadyet para sa pakikipag-ugnayan at edukasyon. Tinatantiyang humigit-kumulang na \$7,500 ang ginasta sa mga aktibidad na pakikipag-ugnayan kabilang ang oras ng mga tauhan sa mga taon na may malalaking halalan. Kabilang din sa badyet ang \$250,000 para sa dalawang pagpapakoreo (paglimbag at selyo) sa bawat botante ang mga karagdagang pondo para sa gastos sa paglimbag, oras ng mga tauhan (permanente at ekstrang tulong) gaya ng kailangan upang gawin ang mga presentasyon sa komunidad, mga panayam sa media, at ibang mga aktibidad upang matiyak na ang mga botante ay binibigyan ng kaalaman tungkol sa proseso ng pagboto sa modelong Sentro ng Pagboto.

F. Mga Komunidad na Kabilang sa Minorya ang Wika

1. Mga Iniaatas na Wika: Ang mga botante ng County ng Fresno ay nagsasalita ng iba't ibang mga wika. Ang County ng Fresno ay inaatang magkaloob ng mga materyal sa pagboto at tulong sa Kastila sa ilalim ng pederal na Batas ng 1965 sa mga Karapatan sa Pagboto (52 U.S.C. Sec. 10101 at kasunod.). Bilang karagdagan, ang County ng Fresno ay inaatang magkaloob ng mga materyal at tulong sa pagboto sa pitong ibang mga wika (Punjabi, Hmong, Tsino, Koreano, Khmer, Biyetnamis, at Tagalog) sa mga ispesipikong lugar ng County alinsunod sa Seksyon 14201 ng Kodigo sa mga Halalan ng California.

2. Mga Serbisyo sa Dalawang Wika: Ang aming mga ispesipikong aksiyong may kaugnayan sa mga komunidad na kabilang sa minoryang wika ay isinama sa buong planong ito sa edukasyon at pakikipag-ugnayan. Ang LAAC ng County ng Fresno ay binubuo ng magkakaibang grupo ng mga miyembro ng komunidad at gumaganap ng mahalagang tungkulin sa pagtiyak na gumagawa kami ng mga angkop na aksiyon upang maabot ang mga komunidad na kabilang sa minoryang wika. Sa kasalukuyan, ang mga tauhan ng mga Halalan ay nagsasalita ng Kastila, Punjabi, at Hmong. Maghahangad kami ng mga empleyado para sa ekstrang tulong na nagsasalita ng dalawang wika at kukuha ng mga manggagawa para sa mga Sentro ng Pagboto na may dalawang wika sa buong County na may natatanging pagbibigay-diin sa ispesipikong iniaatas na mga lugar ng wika ng County. Gaya ng inilalarawan sa itaas, lahat ng aming media ay ipagkakaloob sa lahat ng iniaatas na wika at ipagkakaloob sa mga outlet ng media na naglilingkod sa mga ispesipikong wika, na kabilang sa aming listahan ng media (kalakip). Ang mga Workshop ng Botanteng May Dalawang Wika ay inilalarawan sa itaas sa ilalim ng Mga Workshop para sa Edukasyon ng Botante.

G. Komunidad na Kaugnay ng Kapansanan

1. Workshop/VAAC: Gaya ng inilalarawan sa itaas sa Mga Workshop para sa Edukasyon ng Botante, magsasagawa kami ng isang-araw na Workshop/Open House para sa mga botanteng may mga kapansanan at sa mga indibidwal at organisasyong pangkomunidad na sumusuporta sa mga botanteng ito. Ang aming VAAC ay isang mahalagang bahagi ng aming mga pagsisikap, at patuloy kaming magtatrabaho sa VAAC at gagamitin ang kanilang kadalubhasaan upang maabot ang mga miyembro ng ating komunidad na may mga kapansanan. Ang mga miyembro ng VAAC ay naglilingkod din sa VCAAC. Sa buong planong ito, isinama namin ang aming mga aksiyon na may kaugnayan sa mga PSA, mga balita, nakalimbag at social media, pakikipag-ugnayan sa komunidad, at Website ng County na magbibigay ng kaalaman at magtuturo sa mga botante na nakapokus sa kahandaan ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang madaling magamit na anyo at sa proseso upang humiling nito.

III. Modelong Sentro ng Pagboto

A. Mga Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

1. Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (VBM): Lahat ng nakarehistrong botante ng County ng Fresno ay tatanggap ng isang Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Ang mga binotohang balotang pangkoreo ay maaaring ibalik sa pamamagitan ng koreo (bayad na ang selyo), sa alinmang kahong hulugan o alinmang sentro ng pagboto.
2. RAVBM (Magagawa sa Malayo na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo): Ang mga nakarehistrong botante ng County ng Fresno na may mga kapansanan ay maaaring humiling mula sa Opisina sa mga Halalan ng isang madaling magamit na balota. Ang balota ay magagamit sa kompyuter ng botante, minamarkahan gamit ang sariling teknolohiyang pantulong ng botante at saka ililimbag. Ang balotang ito ay maibabalik sa paraang kapareho ng anumang balota ng VBM (koreo, Kahong Hulugan ng Balota o Sentro ng Pagboto). Ang pagmensahe tungkol sa paggamit ng serbisyo ng RAVBM ay isasama sa website, social media at sa Patnubay na Impormasyon ng County. Ang mga mensaheng nakalimbag at video ay makukuha ng mga ahensiya at

organisasyon na nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga taong may kapansanan para isama sa kanilang pagmensahe sa kanilang mga kliyente at miyembro.

3. Mga Paghiling ng Pamalit na Balota: Lahat ng botante ay maaaring humiling ng isang pamalit na balota sa pamamagitan ng telepono sa (559) 600-VOTE (8683), sa pamamagitan ng pag-fax ng isang kahilingan sa (559) 488-3279, sa pamamagitan ng pagpunta sa isang Sentro ng Pagboto o sa isang Opisina sa mga Halalan.

B. Mga Sentro ng Pagboto

1. Mga Lokasyon ng Sentro ng Pagboto: Ang paggamit ng mga pamantayan at pormula ng VCA para sa pagtatag ng bilang mga sentro ng pagboto at pagtatayuan ng mga Sentro ng Pagboto, ang County ay patuloy na magtatrabaho nang tuwiran sa aming VAAC, LAAC at VCAAC upang pagpasiyahan ang mga lokasyon para sa mga Sentro ng Pagboto. Batay sa pormula ng VCA, ang County ng Fresno ay kasalukuyang inaatasang magkaroon ng pinakamababang 47 Sentro ng Pagboto. Ang County ng Fresno ay magkakaloob ng pinakamababang 50 sentro ng pagboto. Ang mga Sentro ng Pagboto ay pantay na ipamamahagi sa buong county upang magkaroon ng pinakamaginhawang mga mapipili ng mga botante sa mga madaling mapuntahang lokasyon na pinakamalapit hanggang magagawa sa mga establisadong ruta ng pampublikong transportasyon. Ang magiging hangarin ay magkaroon ng mga Sentro ng Pagboto sa mga lokasyong gagamitin para sa mga halalan sa hinaharap upang ang mga botante ay maging pamilyar sa mga lokasyon. Ang mga Sentro ng Pagboto ay magbubukas sa pinakamababang 8 oras bawat araw at sa iniaatas na 13 oras sa Araw ng Halalan. Sampung Sentro ng Pagboto ang magbubukas para sa 11 araw, at ang karagdagang 40 Sentro ng Pagboto ang magbubukas para sa apat na araw.
2. Mga Serbisyo ng Sentro ng Pagboto: Ang mga Sentro ng Pagboto ay magpapahintulot sa sinumang karapat-dapat na botante ng County ng Fresno upang ipatala ang kanilang balota nang personal, magpatala upang makaboto o isapanahon ang kanilang pagpaparehistro bilang kandidato. Sa 14 araw bago ang halalan o sa Araw ng Halalan, ang isang botante ay maaaring magkumpleto ng isang May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante (CVR) at botohan ang isang may-kondisyong balota. Ang mga botante ay tatanggap ng isang mataas ang antas na serbisyo sa lahat ng mga Sentro ng Pagboto. Maaari ring ihulog ng mga botante ang kanilang mga binotohang balota ng VBM sa alinmang Sentro ng Pagboto.
3. Teknolohiya: Ang mga Sentro ng Pagboto ay ikokonekta sa Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon Tungkol sa Halalan ng County (EIMS) upang pahintulutan ang mga tauhan ng Sentro ng Pagboto na maberipika, sa tunay na oras, ang katayuan sa pagboto ng bawat botante. Ang mga balota ay “mahihingi” upang ang bawat botante ay makatanggap ng angkop na balota.
4. Mga Yunit at tauhan ng Paggamit ng May Kapansanan: Ang mga Sentro ng Pagboto ay magkakaroon ng pinakamababang tatlong Madaling Magamit na mga Kagamitan sa Pagmarka (Image Cast X). Lahat ng Sentro ng Pagboto ay sumusunod sa Batas sa mga Amerikanong May mga Kapansanan (ADA), at ang mga tauhan ay tutulong sa mga botanteng may mga ispesipikong pangangailangan. Lahat ng serbisyo ng Sentro ng Pagboto ay makukuha ng mga taong may kapansanan.
5. Paglalagay ng mga Tauhan ng Sentro ng Pagboto: Ang bilang ng mga Miyembro ng Lupon ng Halalan sa mga Sentro ng Pagboto ay bubuuin ng mula sa apat hanggang 10 (katumbas ng buong-oras) depende sa inaasahang boboto at sa laki ng Sentro ng Pagboto.

6. Mga Serbisyong Kaugnay ng Wika: Ang mga Miyembro ng Lupon ng Halalan na may dalawang wika ay itatalaga sa mga Sentro ng Pagboto gaya ng iniaatas ng pederal na Batas sa mga Karapatan sa Pagboto at sa Kalihim ng Estado. Bilang karagdagan, ang County ay magkakaloob ng isang telephonic na serbisyong pagsasalin sa mga iniaatas na wika upang suplementuhan ang mga serbisyong pagsasalin kung saan kailangan. Lahat ng Sentro ng Pagboto ng County ng Fresno ay magkakaroon ng nagsasalita ng Kastila na mga Miyembro ng Lupon ng Halalan. Bilang karagdagan, ang mga Sentro ng Pagboto na matatagpuan sa o karatig ng ibang iniaatas na mga wika ng Seksyon 14201 ng Kodigo sa mga Halalan ng California ay pangangasiwaan ng mga Miyembro ng Lupon ng Halalan na nagsasalita ng iniaatas na (mga) wika. Lahat ng materyal at tulong sa pagboto sa lahat ng Sentro ng Pagboto ay ipagkakaloob sa Kastila. Ang mga nakasaling materyal at mga ispesipikong tulong sa wika ay ipagkakaloob sa mga Sentro ng Pagboto na nasa loob o karatig ng mga ispesipikong lugar ng wika na may kaugnayan sa Seksyon 14201 ng Kodigo sa mga Halalan.
7. Madaling Magamit na mga Kubol sa Pagboto: Lahat ng Sentro ng Pagboto ay magkakaroon ng madaling magamit na mga kubol sa pagboto upang ang lahat ng botante ay makaboto nang pribado at independiyente.
8. Pagsaaalang-alang sa mga Serbisyo ng Naililipat na Pagboto: Sinusubok ng County ang mga serbisyo ng naililipat na pagboto depende sa kahandaan ng isang angkop na naililipat na yunit at kahandaan ng mga pinansiyal na mapagkukunan na kailangan para sa paglalagay ng mga tauhan ng yunit, ang County ay magkakaloob ng mga naililipat na serbisyo sa mga lugar na hindi magkakaroon ng isang sentro ng pagboto. Ang pagsusuri ay patuloy at ang isang pinal na pagpapasiya ay gagawin sa Disyembre 2019.
9. Pampublikong Transportasyon: Ang Pampublikong Transportasyon sa County ay ipagkakaloob nang libre sa mga taong gustong pumunta sa isang Sentro ng Pagboto sa apat-na-araw na panahon ng pagboto.

Tingnan ang Kalakip G para sa mga diagram ng balangkas ng Sentro ng Pagboto.

Tingnan ang Kalakip H para sa mga alam na lokasyon ng Sentro ng Pagboto (maaaring baguhin).

Tingnan ang Kalakip I para sa bilang ng mga Miyembro ng Lupon ng Halalan at mga wikang sinasalita.

C. Mga Kahong Hulugan ng Balota

1. Mga Lokasyon ng Sentro ng Pagboto: Gamit ang mga pamantayan at pormula ng VCA para sa pagtatag ng bilang mga Kahong Hulugan ng Balota at paghahanap ng paglalagyan ng mga Kahong Hulugan, ang County ay patuloy na makikipagtulungan nang tuwiran sa aming VAAC, LAAC at VCAAC upang pagpasiyahan ang mga lokasyon para sa mga Sentro ng Pagboto. Batay sa pormula ng VCA, ang County ng Fresno ay inaatasan at magkakaroon ng 31 Kahong Hulugan ng Balota. Ang mga Kahong Hulugan ng Balota ay magbubukas nang hindi kukulangin sa 29 na araw kabilang ang Araw ng Halalan. Ang mga Kahong Hulugan ay magbubukas sa pinakamababang regular na mga oras ng trabaho kung ang ito ay matatagpuan sa loob ng mga gusali at ang ilang Kahong Hulugan ay ilalagay sa labas at bukas 24 na oras kada araw. Lahat ng Kahong Hulugan ay susunod sa ADA.

Tingnan ang Kalakip J para sa mga alam na lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota (maaaring baguhin).

D. Walang-Bayad na Paggamit ng Telepono

1. Paggamit ng Telepono: Ang Walang-Bayad na Paggamit ng Telepono ay iniaalay para sa suporta sa lahat ng oras ng trabaho. Ang mga tauhan ay nakahandang tumulong sa mga tumatawag sa pederal na iniaatas na mga wika at ang County ay magkakaloob ng serbisyo sa wika sa buwan bago ang Araw ng Halalan upang magkaloob ng tulong sa mga botante sa mga wikang iniaatas ng Seksyon 14201 ng Kodigo sa mga Halalan ng California.

Walang-Bayad na Nakahandang Linya (800) 742-1011
California Relay Service (May Kapansanan sa Pagsasalita at Pandinig) 711

E. Paggamit ng mga Botanteng May mga Kapansanan

1. VAAC: Ang VAAC ng County ng Fresno ay isang aktibong komite na binubuo ng mga botanteng may mga kapansanan at mga miyembro ng komunidad na may pagkahilig at kaalaman tungkol sa mga hamong kinakaharap ng mga botanteng may mga kapansanan. Ang VAAC ay nagpapayo, tumutulong, at nagkaloob ng mga rekomendasyon sa mga Halalan ng County tungkol sa kung paano ang mga botanteng may mga kapansanan ay makakaboto nang independiyente at pribado. Ang VAAC ay aktibong kalahok sa paglipat sa VCA sa County ng Fresno.
2. Madaling Gamiting mga Kagamitan sa Pagmarka ng Balota: Ang County ay nakalaang magpahusay ng paggamit ng proseso ng pagboto. Ang mga Sentro ng Pagboto ay magtataglay ng pinakamababang tatlong madaling gamiting kagamitan sa pagmarka ng balota (Image Cast X) upang magkaloob ng pagkakataon para makagamit at makalahok na katulad ng ipinagkakaloob sa mga botanteng walang kapansanan, kabilang ang kakayahang bumoto nang pribado at independiyente. Ang Plano para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa unang bahagi ng dokumentong ito ay nagdedetalye ng mga plano para sa media at ng mga partikular na bagay tungkol sa pagtataguyod ng walang-bayad na numero at ng sistema ng Magagawa sa Malayo na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM).
